


7

Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 3: Mga Likas na Yaman ng Asya



Araling Panlipunan – Baitang 7
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 3: Mga Likas na Yaman ng Asya
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Rosalie H. Ventilacion

Editor: Rosario G. Caluya, Florenil M. Malabayabas, Diana P. Nobleza,
Marineil S. Perez

Tagasuri: Pedro J. Dandal Jr., Margielyn E. Tomanggong, Nora A. Nangit
Joseph L. Lozanta, Thelma M. Salvacion

Tagaguhit: Teodorico A. Cabildo, Sergio M. Tupaz, Eric M. Montemar

Tagalapat: Esperidion D. Soleta Jr.

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas

Mariflor B. Musa

Melbert S. Broqueza

Danilo C. Padilla

Aurelia B. Marquez

Rodgie S. Demalinao

Freddie Rey R. Ramirez

Pedro J. Dandal Jr.

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address: Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City

Telephone Number: (02) 6314070

E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

7

Araling Panlipunan

**Unang Markahan – Modyul 3:
Mga Likas na Yaman ng Asya**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Binabati kita sa matagumpay mong pagkakamit ng mahahalagang kaalaman tungkol sa katangiang pisikal ng Asya. Ngayon ay mas mapauunlad mo pa ang iyong pag-unawa hinggil sa ugnayan ng tao sa kaniyang kapaligiran sa pamamagitan ng paglinang nito tungo sa pagtugon sa kaniyang pangangailangan. Sa panibagong araling ito ay mailalarawan mo ang mga yamang likas ng Asya. Maaaring maitanong mo kung ano-ano ang ipinagmamalaking yamang likas ng Asya? Ano ang mga implikasyon nito sa pamumuhay ng mga Asyano noon at ngayon sa larangan ng agrikultura, ekonomiya, panahanan, at kultura? Bakit humaharap ang Asya sa iba't ibang suliraning pangkapaligiran sa ngayon? Ano ang kahalagahan ng pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohikal ng rehiyon? *“Paanong ang interaksyon ng tao at kapaligiran ay nagbigay-daan sa pagbuo at pag-unlad ng kabihasnang Asyano?”* Mahalagang maiugnay mo ang iyong natutunan sa nakaraang aralin upang ganap na maunawaan ang paksang tatalakayin sa bagong aralin. Maaari ka nang magsimula.

Pamantayang Pangnilalaman

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa ugnayan ng kapaligiran at tao sa paghubog ng sinaunang kabihasnang Asyano.

Pamantayan sa Pagganap

Ang mag-aaral ay malalim na nakapag-uugnay-ugnay sa bahaging ginampanan ng kapaligiran at tao sa paghubog sa sinaunang kabihasnang Asyano.

Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto

Nailalarawan ang mga yamang likas ng Asya. **(AP7HAS-Ie-1.5)**

Alam kong magiging masaya ka sa mga gawaing nakahanda para sa iyo sa modyul na ito. Halika na at iyong simulan ang mga gawain.



Subukin

Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawain ang mga katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang-papel.

1. Anong bansa sa Hilagang Asya ang may pinakamaraming deposito ng ginto sa buong mundo?
 - A. Tajikistan
 - B. Kyrgyztan
 - C. Turkmenistan
 - D. Uzbekistan
2. Aling rehiyon ang may pinakamaraming deposito ng gas at petrolyo?
 - A. Kanlurang Asya
 - B. Timog Asya
 - C. Silangang Asya
 - D. Timog Silangang Asya
3. Hindi lingid sa ating kaalaman na lahat ng bagay ay may limitasyon at katapusan. Bilang mag-aaral, papaano ka makatutulong upang mapanatili ang mga likas na yaman ng iyong lugar para sa susunod pang henerasyon?
 - A. Sasama ako sa mga *illegal loggers* na walang habas na pumuputol ng mga puno sa kagubatan.
 - B. Makikiisa ako sa pagsusulong ng mga gawaing makabubuti sa aming barangay tulad ng pagtanim ng puno sa mga nakakalbong kabundukan.
 - C. Ipagwawalang bahala ko na lamang ang lahat dahil naririyang ang aking mga kapwa para sila ang gumawa ng mga hakbang sa paglutas.
 - D. Mananahimik na lamang ako upang hindi madamay.
4. Malaki ang bahaging ginagampanan ng likas na yaman sa pamumuhay ng mga tao. Mas higit na napaunlad ng tao ang antas ng pamumuhay at natutugunan ang pangunahing pangangailangan. Kung kayo ang mag-iisip ng pamamaraan, ano ang inyong gagawin upang higit na mapakinabangan ang likas na yaman at makatulong sa pag-unlad ng ating bansa?
 - A. Gagamitin ng wasto ang mga likas na yaman upang makatugon sa pangangailangan ng tao.
 - B. Hindi makikialam sa mga usapin sa likas na yaman dahil ito ay usapin ng Pamahalaan.
 - C. Kinakailangang iluwas ang mga produkto sa ibang bansa upang higit na pakinabangan ng mamamayan.
 - D. Hindi na gagamitin ang mga likas na yaman upang higit na mapagyaman.

5. Anong rehiyon sa Asya ang sagana sa yamang mineral na langis at petrolyo?
 - A. Hilagang Asya
 - B. Silangang Asya
 - C. Kanlurang Asya
 - D. Timog-Silangang Asya

6. Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang kabilang sa Timog-Silangang Asya na nagtataglay ng mayamang likas na yaman. Ano ang pangunahing produkto na iniluluwas ng bansang Pilipinas?
 - A. Langis ng niyog at kopra, palay, at trigo
 - B. Natural gas at liquefied gas
 - C. Palay at trigo
 - D. Tilapia at bangus

7. Ang Hilagang Asya ay sagana sa likas na yaman, at kinikilala ang rehiyon na nangunguna sa produksiyon at pinakamalaking deposito ng ginto. Kung ating tutukuyin, saan yamang likas napapabilang ang ginto?
 - A. Yamang Lupa
 - B. Yamang Tubig
 - C. Yamang Gubat
 - D. Yamang Mineral

8. Sa pagkakaroon ng lambak-ilog at mababang burol ng mga bundok na mainam na pagtaniman sa Hilagang Asya, ano ang mahihinuha mong maaaring maging hanapbuhay ng mga naninirahan dito?
 - A. Pangingisda
 - B. Pagmimina
 - C. Pagsasaka
 - D. Pagpipinta

9. Ang rehiyon ng Timog-Silangang Asya ay sagana sa lahat ng uri ng likas na yaman. Kung totoo iyon, bakit may mga bansa pa rin dito na hindi maunlad? Pangatuwiran.
 - A. Ang pag-unlad ng bansa ay nakasalalay sa taglay nitong likas na yaman.
 - B. Ang mga bansang maunlad ay may masaganang likas na yaman, ang mga bansang hindi maunlad ay salat sa pinagkukunang yaman.
 - C. Nasa tao nakasalalay ang pag-unlad ng isang bansa.
 - D. Ang pag-unlad ng bansa ay nakasalalay sa wasto at tamang paglinang at paggamit ng tao sa kanilang likas na yaman.

10. Ang bawat bansa sa rehiyon ng Timog-Silangang Asya ay may taglay na iba't ibang uri ng likas yaman na nakatutulong sa pag-unlad ng mga bansa sa rehiyon. Alin sa sumusunod ang HINDI naglalarawan sa likas na yaman na taglay nito?
- Salat sa likas na yaman ang rehiyon ng Timog-Silangang Asya.
 - Ang rehiyon ng Timog-Silangang Asya ay nangunguna sa larangan ng magagandang aplaya o beaches.
 - Ang Timog-Silangang Asya ay kilala sa mala-paraisong mga pulo at baybayin na may pinong-pinong buhangin.
 - Ang Timog-Silangang Asya ay tahanan ng mga natural wonders o kahanga-hangang tanawin na likha ng kalikasan.
11. Mayaman sa likas na yaman ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya. Bilang Asyano paano mo maipakikita ang pangangalaga sa yamang likas na ipinagkaloob ng Diyos sa atin?

- Makikiisa sa mga gawain na may layuning pangalagaan ang kapaligiran at likas yaman.
- Sasali sa mga organisasyon sa barangay na tumutulong sa pangangalaga ng likas na yaman.
- Susunod sa mga pinaiiral na batas na may kaugnayan sa pangangalaga sa kapaligiran
- Makikilahok lamang sa mga gawaing pangkalikasan kung ito ay makatutulong sa pansariling kapakanan.

- I, II, IV
 - II, III, IV
 - I, II, III
 - I, III, II
12. Ang pagkakaroon ng malawak at matabang lupain ay nakapagbibigay ng maraming produkto at nakapagpapalaki ng produksiyon na nakatutulong sa pagtugon sa pangangailangan ng mga tao sa isang bansa. Anong larangan ang pinagtutuunan ng pansin dito?
- Agrikultura
 - Ekonomiya
 - Panahanan
 - Turismo
13. Alin ang pinakaangkop na paglalarawan sa taglay na likas na yaman ng rehiyon ng Kanlurang Asya?
- Ang rehiyon ng Kanlurang Asya ay salat sa likas na yaman.
 - Ang Kanlurang Asya ay mayaman sa langis at petrolyo.
 - Ang Kanlurang Asya ay nagluluwas ng Caviar (itlog) na mula sa Sturgeon.
 - Ang Kanlurang Asya ay nagtataglay ng malalawak na kagubatan.

14. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan sa taglay na likas na yaman ng Timog Silangang Asya?
- A. Ang Timog-Silangang Asya ay mayaman sa langis at petrolyo.
 - B. Ang Timog-Silangang Asya ay nagtataglay ng pinakamalaking deposito ng ginto.
 - C. Ang Timog-Silangang Asya ang nangunguna sa industriya ng telang sutla.
 - D. Ang Timog-Silangang Asya ay nagtataglay ng malalawak na kagubatan.
15. Anong bansa sa rehiyon ng Timog Silangang Asya matatagpuan ang pinakamaraming puno ng Teak?
- A. Brunei
 - B. Myanmar
 - C. Cambodia
 - D. Vietnam

Aralin**1****Mga Likas na Yaman
ng Asya*****Balikan***

Naaalala mo pa ba ang nakaraang aralin, patungkol sa heograpiya at katangiang pisikal ng Asya? Kung oo ang iyong sagot, simulan mo na ang gawain. Pag-ugnayin ang mga pangungusap mula sa Hanay A na tinutukoy o inilalarawan sa Hanay B. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

HANAY A

1. Ang minsang binansagang Farther Asia India at Little China dahil sa impluwensiya ng mga nasabing kultura at kabihasan nito
2. Ang kontinenteng may pinakamalawak na kalupaang sakop sa buong mundo at pinaninirahan ng pinakamaraming tao
3. Kilala ang rehiyong ito sa katawagang Central Asia o Inner Asia
4. Kinapapalooban ito ng mga elemento tulad ng temperatura, ulan at hangin

HANAY B

- A. Timog-Silangang Asya
- B. Klima
- C. Hilagang Asya
- D. Asya

Kumusta? Nakuha mo ba lahat ang tamang sagot? Mabuti, binabati kita sa iyong nagawa. Ngayon, oras na para palawakin pa ang iyong kaalaman. Handa ka na ba?



Tuklasin


Gawain: Hularawan Challenge

Panuto: Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Alam mo ba ang mga ito? Anong mga likas na yaman ang tinutukoy dito? Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.



Mga Larawang Kuha ni: Dandal, Pedro Jr. J., 2019

1.



Mga Larawang Kuha ni: Dandal, Pedro Jr. J., 2019.

2.



Mga Larawang Kuha ni: Dandal, Pedro Jr. J., 2019

3.

Naibigay mo ba ang mga hinihinging kasagutan sa iyo? Naging madali ba ang iyong pagtukoy sa mga likas na yamang ito. Kung gayon, ikaw ay may paunang kaalaman tungkol sa aralin na iyong pag-aaralan. Ang iyong kaalaman ay iyong magagamit upang higit na makilala ang mga yaman na taglay ng iba't ibang rehiyon sa Asya. Halika na at ating palalimin ang iyong mga kaalaman. Sa bahaging ito ay iyong susuriin at uunawain ang teksto upang masagot ang mga katanungan. Handa ka na ba? Halika at simulan mo na ang pagbabasa.



Suriin

Basahin at Unawain

Naniniwala ka ba na ang tao ay biniyayaan ng masaganang kapaligiran? Ang lahat ng nasa ating paligid - ang mga kabundukan, dagat, hayop, halaman at mineral ay mga likas na yaman na siyang puhunang nililalang ng tao upang matugunan ang kaniyang mga pangangailangan. Mula pa noon hanggang sa kasalukuyan, ang uri ng pamumuhay at gawain ng tao ay nakaangkop sa kaniyang kapaligiran. Pagsasaka ang karaniwang hanapbuhay ng mga taong naninirahan sa kapatagan at pangingsda naman ang ikinabubuhay kung nakatira sa mga baybayin. Tunay nga na ang ganitong ugnayan ng tao at kapaligiran ay isang natural na prosesong ipinagkaloob ng kalikasan upang ang lahat ay mabuhay. ***Paanong ang patuloy na paglinang at pakikibagay ng tao sa kapaligiran ay nagbunsod sa pag-unlad ng kabihasan at kultura ng isang lipunan tulad ng matatagpuan sa Asya?*** Simulan mong tuklasin ang kasagutan.

Mga Likas na Yaman ng Asya

Magkakaiba ang likas na yaman ng mga rehiyon sa Asya. May malawak na damuhan na mainam pagpastulan ng mga alagang hayop ang **Hilagang Asya** bagamat dahil sa tindi ng lamig dito ay halos walang punong nabubuhay. Ang mga troso mula sa Siberia ang tanging yamang gubat sa rehiyong ito. Sa yamang pangisdaan, produktong panluwas ng rehiyon ang caviar (itlog) ng mga sturgeon, ang malalaking isdang likas dito. Tinatayang pinakamalaki sa mundo ang deposito ng ginto sa Kyrgyzstan, samantalang ang Tajikistan ay may tatlong uri ng yamang mineral; ang metalikong mineral tulad ng ginto, mineral na panggatong tulad ng natural gas, at industriyal na mineral tulad ng phosphate.

Pangunahing industriya ng Turkmenistan ang natural gas, pangalawa sa Russia sa produksiyon nito, at langis, samantalang isa sa mga nagunguna sa produksiyon ng ginto sa buong mundo ang Uzbekistan. Sa mga lambak-ilog at sa

mabababang burol ng mga bundok may produksiyon ng pagkaing butil na nakatuon sa pagtanim ng trigo, palay at barley, gayondin ng bulak, gulay, tabako, sugar beets, sibuyas, ubas at mansanas. Sa pag-aalaga at pagpaparami ng mga hayop tulad ng baka at tupa nagkakaroon ang mga tao ng lana, karne at gatas.

Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao sa mga bansang nabibilang sa **Timog Asya**. Palay ang pangunahing produkto rito bagama't may mga taniman din ng trigo, jute, tubo, at mga gulay. Pinakamahalagang likas na yaman sa India ay ang lupa lalo't higit ang mga kapatagan at lambak na pinagyayaman ng mga ilog ng Indus, Ganges, at Brahmaputra. Malaki rin ang reserba ng bakal at karbon sa bansang ito. Bagama't ipinagbabawal ng pamahalaan, tanyag ang Afghanistan sa pagtanim ng opyo. Ang mga kagubatan ng Nepal ay matatagpuan sa mga gulod ng bulubunduking Himalayas. Sa mga baybaying dagat ng Pakistan ay matatagpuan ang mga gubat bakawan.

Makapal at mayabong ang gubat sa timog-kanlurang Sri Lanka na hitik sa puno ng mahogany at iba't ibang uri ng palm. Sa dakong gitna ng pulong ito lalo na sa matataas na lugar ay makikita ang mga kagubatang evergreen samantalang sa hilaga at silangang bahagi nito ay naroon ang mga punong ebony at satinwood. Malaki ang kapakinabangan ng Indian Ocean sa rehiyon dahil sa pagtustos nito sa iba't ibang yamang dagat. Sa ibang bahagi ng rehiyon tulad ng Afghanistan at Bangladesh ay paghahayupan. Batong apog, bakal, karbon, natural gas, langis, tanso, asin, at gypsum ay ilan sa mga pangunahing yamang mineral ng Timog Asya.

Sa **Timog-Silangang Asya**, nasa mga lupain ng Myanmar at Brunei ang malalawak na kagubatan. Tinatayang nasa 84% ng kagubatan sa Brunei ang nagsisilbing panirahan ng iba't ibang uri ng unggoy, ibon at reptile. Sa kagubatan ng Myanmar matatagpuan ang pinakamaraming punong teak sa buong mundo, samantalang ang maraming punong palm at matitigas na kahoy gaya ng apitong, yakal, lauan, kamagong, ipil, pulang narra, mayapis at iba't ibang species ng dapo ay nasa kagubatan ng Pilipinas. Matatagpuan sa mga lambak ng Irrawaddy River at Sittang River ang pinakamatabang lupa sa Myanmar. Sa Cambodia, ito ay sa paligid ng Mekong River at Tonle Sap.

May iba't ibang pananim sa rehiyon. Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang nangunguna sa buong daigdig sa produksiyon ng langis ng niyog at kopra. Ang kalabaw, baka, baboy, kabayo, kambing at manok ang karaniwang inaalagaang hayop sa rehiyon. Sa yamang mineral, malaki ang deposito ng langis at natural gas sa Indonesia at ang mahigit sa 80% ng langis sa Timog Silangang Asya ay nanggagaling sa bansang ito, gayundin ang mahigit sa 35% ng liquefied gas sa buong daigdig. Liquefied gas din ang pangunahing mineral ng Malaysia habang tanso naman ang sa Pilipinas. Ang malalaking ilog ay pinagtatayuan ng dam ng ilang mga bansa at nililalang para sa hydroelectric power na siya namang pinagkukunan ng koryente.


Kabilang ang mga bansang China, North Korea at Tibet sa **Silangang Asya** na mayaman sa depositong mineral. Nasa China ang pinakamalaking reserba ng antimony, magnesium, at tungsten sa buong daigdig, gayundin ang reserba ng karbon dito na isa sa mga pinakamalaki sa buong daigdig. Salat sa yamang mineral ang Japan bagamat nangunguna ang bansang ito sa industriyalisasyon. Gayonpaman, nagtatanim sila ng mga punong mulberry upang maging pagkain ng mga silkworm kaya nangunguna ang Japan sa industriya ng telang sutla. Ang yamang lupa ng Silangang Asya ay matatagpuan sa iba't ibang anyo nito, maliban lamang sa mabuhangin o tigang na lupa sa Mongolia.

Sakop ng China ang 7% ng lupa sa buong mundo na maaaring bungkalin at ito'y pinagtataniman ng iba't ibang uri ng pananim. Pangunahing pananim nito ang palay, at siyang nangunguna sa produksiyon nito sa buong mundo. Ang ilang bahagi ng Silangang Asya ay nakatuon din sa pagtatanim at paghahayupan. Sa China at sa ibang mga bansa ng rehiyon, ang malalaking hayop ay ginagamit din bilang katulong sa paghahanapbuhay. Ang mga anyong tubig ay nililalang din para sa kapakinabangan ng mga nakatira rito.

Ang **Kanlurang Asya** ay sagana sa yamang mineral partikular na sa langis at petrolyo. Pinakamalaking tagapagluwas ng petrolyo sa buong daigdig ang Saudi Arabia, at malaki rin ang produksiyon ng langis ng mga bansang Iran, Iraq, United Arab Emirates (UAE), Kuwait at Oman. Karamihan sa mga bansa ng rehiyong ito ay may natural gas, tanso, bauxite, potash, zinc, magnesium, phosphate at iba pa. Sa agrikultura, nagtatanim ang mga taga-Kanlurang Asya ng trigo at barley sa mga oasis. Pangunahing produkto sa Iran ang trigo, barley, palay, bulak, mais tabako at mga prutas. Nangunguna naman ang Iraq sa produksiyon ng dates at dalandan, ang Israel. Paghahayupan ang karaniwang gawain ng mga taong naninirahan sa mga lugar na bulubundukin at sa mga disyerto sa Iran, Iraq, Syria, Saudi Arabia at Turkey.

Sanggunian: Blando, Rosemarie, et. al. *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba (Modyul ng Mag-aaral)*, Department of Education, 2013, 59-61.

Marami ka bang natutuhan mula sa iyong binasa? Ano-ano ba ang iyong natutuhan? Sa bahaging ito, malalaman natin kung ano ang iyong nakuhang impormasyon mula sa iyong binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain sa ibaba.



Pagyamanin

Gawain 1: Maglista Tayo!

Panuto: Maglista ng mga likas na yaman na matatagpuan sa mga rehiyon sa Asya. Maaaring kumuha ng sagot mula sa tekstong iyong binasa. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

HILAGANG ASYA	SILANGANG ASYA	TIMOG ASYA	KANLURANG ASYA	TIMOG SILANGANG ASYA

Matapos mong matukoy ang iba't ibang likas na yaman ng bawat rehiyon, subukan mo namang tukuyin kung anong uri ng yaman ito. Tara at simulan mo na!

Gawain 2: Likas na Yaman Challenge!

Panuto: Tukuyin kung anong uri ng likas na yaman ang mga sinalungguhitan sa pahayag. Maaaring isulat kung ito ay Yamang Lupa, Yamang Tubig o Yamang Mineral. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ang Ilog Mekong at Tonle Sap na matatagpuan sa Cambodia.
2. Ang Kanlurang Asya ay sagana sa langis at petrolyo.
3. Agrikulturang produkto tulad ng Palay, Trigo at Jute ang pangunahing pananim sa Timog Asya.
4. Ang Hilagang Asya ay nagluluwas ng caviar mula sa mga Sturgeon.
5. Ang pangunahing industriya ng Turkmenistan ay ang Natural gas.

Sa pagkakataong ito ay mas higit na madaragdagan ang iyong kaalaman tungkol sa likas na yaman ng Asya. Maaari mo nang sagutan ang pamprosesong tanong sa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Pamprosesong Tanong:

1. Paano makatutulong ang yamang likas sa pamumuhay ng mga tao sa Asia?
2. Paano mo pahahalagahan ang inyong yamang likas?
3. Sa paanong paraan ka makatutulong sa pagpapanatili at pagpepreserba ng likas na yaman?



Isaisip

Gawain 1. Cluster Map

Panuto: Matapos sagutan ang mga gawaing nagpalawak ng iyong kaalaman ukol sa mga yamang likas ng Asya, ngayon ay subukan mong punuin ng mga impormasyon ang concept map ng mga likas na yaman na makikita sa mga rehiyon sa Asya. Gawin ito sa iyong sagutang papel.




Gawain 2: Kumpletuhin Mo

Panuto: Punan ng tamang salita ang bawat patlang upang makabuo ng pahayag tungkol sa likas na yaman. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang likas na yaman ng Asya ay _____

Mahalaga ang ating likas na yaman sapagkat _____

Ako bilang kabataan ay _____



Isagawa

Naniniwala ka ba na isa ang Pilipinas sa may pinakamayamang taglay na likas na yaman, oo o hindi? Kung Oo ang iyong sagot, bilang isang kabataang Pilipino, paano mo ikakampanya sa kapuwa mo ang **sustainable development**? Kung Hindi, pangatuwiran ang iyong sagot at magbigay ng ebidensiya. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Oo

Hindi

Napakahusay ng iyong mga naging kasagutan. Taglay mo na ngayon ang mga kaalaman na may kaugnayan sa likas na yaman ng ating kontinente. Bilang isang mag-aaral, nawa ay maging responsable kang mamamayan na pangalagaan ang biyayang ipinagkaloob sa atin ng Poong Maykapal. Ngayon naman, ay tatayahin natin ang iyong kaalaman. Maaari mo nang sagutan ang panghuling pagtataya.



Tayahin

Panuto: Basahin at piliin ang pinakaakmang sagot. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Sinasabing may malawak na damuhang matatagpuan sa Hilagang Asya bagama't dahil sa tindi ng lamig dito ay halos walang punong nabubuhay rito. Alin sa mga sumusunod ang hindi kabilang sa likas na yaman ng nasabing rehiyon?
 - A. Palay ang mahalagang produkto rito bagama't may trigo, jute at tubo.
 - B. Paghahayupan ang pangunahing gawain dahil sa mainam itong pagpastulan ng mga alagang hayop.
 - C. Troso mula sa Siberia ang tanging yamang gubat sa rehiyon
 - D. Tinatayang may pinakamalaking deposito ng ginto at mga yamang mineral.
2. Alin sa mga sumusunod na likas na yaman ang nasa tamang pangkat?
 - A. Ginto, tanso, natural gas, Mayapis
 - B. Trigo, palay, barley, bulak at gulay
 - C. Bakal at karbon
 - D. Ganges, Brahmaputra, hydroelectric power
3. Dahil sa lawak ng kalupaang sakop ng Timog Asya, alin sa mga sumusunod ang itinuturing na mahalagang yaman nito?
 - A. Bakal at karbon
 - B. Palay
 - C. Lupa
 - D. Mahogany at palmera
4. Kung ang Pilipinas ay nangunguna sa buong daigdig sa produksiyon ng langis ng niyog at kopra, alin sa mga sumusunod ang pangunahing produkto ng Malaysia?
 - A. Tanso
 - B. Liquefied petroleum gas
 - C. Telang silk o sutla
 - D. Sibuyas, ubas at mansanas
5. Alin sa sumusunod ang **HINDI** kabilang sa pangkat?
 - A. Makapal at mayabong ang gubat sa Timog-kanlurang Sri-Lanka na hitik sa puno ng mahogany.
 - B. Ang Bangladesh ay sagana sa paghahayupan.
 - C. Ang pinakamahalagang likas na yaman ng India ay lupa.
 - D. Sa mga lambak ng Irrawady at Sitang River ang pinakamatabang lupa sa Myanmar.

6. Alin sa sumusunod ang naglalarawan sa taglay na likas na yaman ng Timog-Silangang Asya?
 - A. Ang Timog-Silangang Asya ay mayaman sa langis at petrolyo.
 - B. Ang Timog-Silangang Asya ay nagtataglay ng pinakamalaking deposito ng ginto.
 - C. Ang Timog-Silangang Asya ang nangunguna sa industriya ng telang sutla.
 - D. Ang Timog-Silangang Asya ay nagtataglay ng malalawak na kagubatan.


7. Anong bansa sa rehiyon ng Timog-Silangang Asya matatagpuan ang pinakamaraming puno ng Teak?
 - A. Brunei
 - B. Myanmar
 - C. Cambodia
 - D. Vietnam

8. Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang kabilang sa Timog Silangang Asya na nagtataglay ng mayamang likas na yaman. Ano ang pangunahing produkto na iniluluwas ng bansang Pilipinas?
 - A. Langis ng niyog at kopra, palay at trigo
 - B. Natural gas at liquefied gas
 - C. Palay at trigo
 - D. Tilapia at bangus

9. Ang Hilagang Asya ay sagana sa likas na yaman at kinikilala ang rehiyon na nangunguna sa produksiyon at pinakamalaking deposito ng ginto. Kung ating tutukuyin, saan yamang likas napapabilang ang ginto?
 - A. Yamang Lupa
 - B. Yamang Tubig
 - C. Yamang Gubat
 - D. Yamang Mineral

10. Sa pagkakaroon ng lambak-ilog at mababang burol ng mga bundok na mainam na pagtaniman sa Hilagang Asya, ano ang mahihinuha mong maaaring maging hanapbuhay ng mga naninirahan dito?
 - A. Pangingisda
 - B. Pagmimina
 - C. Pagsasaka
 - D. Pagpipinta

11. Ang bawat bansa sa rehiyon ng Timog-Silangang Asya ay may taglay na iba't ibang uri ng likas yaman na nakatutulong sa pag-unlad ng mga bansa sa Timog Silangang Asya. Alin sa sumusunod ang HINDI naglalarawan sa likas na yaman na taglay ng rehiyon ng Timog Silangang Asya?
- A. Salat sa likas na yaman ang rehiyon ng Timog-Silangang Asya.
 - B. Ang rehiyon ng Timog-Silangang Asya ay nangunguna sa larangan ng magagandang aplaya o beaches.
 - C. Ang Timog-Silangang Asya ay kilala sa mala-paraisong mga pulo at baybayin na may pinong-pinong buhangin.
 - D. Ang Timog-Silangang Asya ay tahanan ng mga natural wonders o kahanga-hangang tanawin na likha ng kalikasan
12. Anong bansa sa Hilagang Asya ang may pinakamaraming deposito ng ginto sa buong mundo?
- A. Tajikistan
 - B. Kyrgyztan
 - C. Turkmenistan
 - D. Uzbekistan
13. Sa rehiyong ito matatagpuan ang may pinakamaraming deposito ng gas at petrolyo?
- A. Kanlurang Asya
 - B. Timog Asya
 - C. Silangang Asya
 - D. Timog Silangang Asya
14. Paano mo bibigyan ng paglalarawan ang mga likas na yaman sa bawat rehiyon sa Asya?
- A. Ang likas na yaman sa mga rehiyon sa Asya ay magkakatulad.
 - B. Ang mga likas na yaman sa rehiyon sa Asya ay magkakaiba.
 - C. Ang mga rehiyon sa Asya ay salat sa mga likas na yaman.
 - D. Ang likas na yaman sa mga rehiyon sa Asya ay malapit nang maubos.
15. Bakit mahalaga ang mga likas na yaman sa isang bansa?
- | |
|---|
| <ul style="list-style-type: none">I. Sapagkat ang likas na yaman ang tumutustos pangangailangan ng mamamayan.II. Sapagkat ang likas na yaman ay nagbibigay ng karangalan sa isang bansa.III. Ang likas na yaman ang pinagkukunan ng mga hilaw na materyales.IV. Ang likas na yaman ang nagbibigay ng yaman sa bansa. |
|---|
- A. I, II
 - B. III, IV
 - C. I, III
 - D. II, IV



Karagdagang Gawain

Panuto: Ipaliwanag ang mga sumusunod na pahayag sa pamamagitan ng 3-5 pangungusap.

1. Masasabi mo bang mahalaga ang mga likas na yaman sa mga taong naninirahan sa lugar o rehiyon na kanilang kinabibilangan?
2. Para sa iyo, nangangahulugan bang ang bansa o lugar na mayaman sa likas na yaman ay maunlad at ang salat naman sa likas na yaman ay mahirap? Oo o Hindi, pangatuwiran ang iyong sagot.

RUBRIK PARA SA PAGSAGOT SA TANONG

Deskripsiyon	Iskala	Iskor
1. Kagalingan sa pag-unawa sa paksa	1-5	
2. Kagalingan sa pagsagot sa mga tanong	1-5	
3. Kagalingan sa interpretasyon	1-5	
4. Kagalingan sa pag-uugnay sa ibang isyu	1-5	
5. Kagalingan sa pagbubuod	1-5	



Susi sa Pagwawasto

- Subukin
Paunang Pagtataya
1. B
 2. A
 3. B
 4. A
 5. C
 6. A
 7. D
 8. C
 9. D
 10. A
 11. C
 12. A
 13. B
 14. D
 15. B

- Balikan**
1. A
 2. D
 3. C
 4. B

- Tuklasin**
1. YAMANG MINERAL
 2. YAMANG TUBIG
 3. YAMANG LUPA

Pagymanin
Gawain: Maglista tayo!

Hilagang Asya- Caviar, ginto, natural gas, trigo, barley, tabako, sugar beets, sibuyas

Silangang Asya – Paghahayupan at Pagtatanim ng Palay, Silkworm, Industriya ng telang sutla

Timog Asya- Pagtatanim ng jute, tubo, palay, puno ng mahogany, mga Ilog , gas, langis at tanso

Kanlurang Asya-Langis at Petrolyo, Potash, Bauxite, dates, dalandan, trigo at barley

Timog Silangang Asya-Mammals at Reptiles, Iba't ibang species ng dapo, matabang lupa at mga ilog.

Palala: Maaari ding mayroon pang iba pang kasagutan ang mga mag-aaral. Ang guro ay maaari ding magdagdag ng iba pang kasagutan ayon sa kanyang pananaliksik.

Likas na Yaman Challenge

1. Yamang Tubig
2. Yamang Mineral
3. Yamang Lupa
4. Yamang Tubig
5. Yamang Mineral

Isagawa

Ang sagot ay nakadepende sa sagot ng mag-aaral ayon sa kanilang pang-unawa.

Isaisip

Concept Map

Ang sagot ay nakadepende sa sagot ng mag-aaral ayon sa kanilang pang-unawa.

Tayahin

Panghuling Pagtataya

1. D
2. B
3. B
4. B
5. D
6. D
7. B
8. C
9. D
10. C
11. A
12. B
13. A
14. B
15. C

Sanggunian

Department of Education – Instructional Materials Council Secretariat (DepEd – IMCS). *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba*. Quezon City: Enduresources Publishing, Inc., 2014.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph